

# COVID-19 Vaccine Information

## Impormasyon tungkol sa COVID-19 vaccine COVID-19 Vaccine Information

Marso 30, 2021

Ang COVID-19 vaccines ay nagliligtas ng mga buhay. Tinutulungan nilang protektahan ang mga taong may pinakamalaking panganib na magkasakit o mamatay, lalo na ang mga matatanda. Ang COVID-19 vaccines ay ibinibigay nang libre, at ang mga ito'y naibigay na sa milyun-milyong katao sa buong mundo. Naipakita na sila'y ligtas at mabisa. Sa kasalukuyan, ang vaccines na available sa Canada ay ang: Pfizer-BioNTech, Moderna, at AstraZeneca/COVISHIELD.

Lubusang irerekomenda sa lahat na magpabakuna kapag ito'y inalok sa kanila. Aalukin ka lamang ng vaccine na ligtas at mabisa para sa iyong age group.

### Ano ang nagagawa ng vaccine?

#### What does the vaccine do?

Tulad ng isang flu shot, tinutulungan ng COVID-19 vaccines ang iyong katawan na magtatag ng proteksyon na iyong kinakailangan upang hindi ka magkasakit kapag ikaw ay nalantad sa virus. Ang vaccines ay hindi naglalaman ng COVID-19 virus. Kapag nabigyan ka ng COVID-19 vaccine, gagawa ang iyong katawan ng antibodies upang matulungan kang labanan ang impeksyon kung nalantad ka sa tunay na virus.

### Dapat ba ako magpabakuna?

#### Should I get the vaccine?

Ang COVID-19 vaccines ay nagliligtas ng mga buhay at sila ang pinakamainam na paraan upang protektahan ka at ang iyong pamilya. Kapag mas maraming mga tao ang naba bakunahan at naprotektahan laban sa COVID-19, mas magiging mahirap na kumalat ang virus.

Ang vaccines ay naipakitang lubos na mabisa sa pagprotekta sa mga matatanda mula sa malubhang sakit at pagkaka-ospital dahil sa COVID-19. Ang benefits ng pagpapabakuna ay mas higit sa mga panganib kung hindi magpapabakuna. Hinihikayat namin ang lahat ng adults na mag-book ng appointment para magpabakuna oras na sila'y eligible.

### Gaano kaligtas ang vaccine?

#### How safe is the vaccine?

Tanging ang mga bakuna lamang na naipakitang ligtas at mabisa ang siyang inaaprubahang gamitin sa Canada. Oras na sila'y awtorisadong gamitin, ang lahat ng mga bakuna ay minomonitor nang husto ng mga opisyal sa pampublikong kalusugan at ng Health Canada para sa kanilang patuloy na kaligtasan. Ang COVID-19 vaccines na ginagamit sa Canada ay naibigay na sa milyun-milyong katao sa buong mundo, at naipakita na sila'y ligtas at mabisa.



# COVID-19 Vaccine Information

Ang mga pinaka-karaniwang side effects o masasamang epekto ay ang kaunting pananakit sa braso kung saan ang tao ay nainiksiyunan, panlalamig ng katawan, kapaguran, at medyo nilalagnat. Ang mga ito ay karaniwang side effects at hindi mapanganib sa kalusugan.

Paminsan-minsan ay may mga allergic na reaksiyon na nangyayari pagkatapos ng pagbabakuna. Ito ang dahilan kung bakit ang mga taong nabakunahan ay pinaghihintay sa clinic nang mga 15 minuto. Ang mga reaksiyon na ito ay maaring gamutin.

Aalukin ka lamang ng isang vaccine na ligtas at mabisa para sa iyong age group.

## Gaano kabisa ang mga vaccine?

### How effective are the vaccines?

Ang mga vaccine ay nagsisimulang gumana makalipas ang dalawa hanggang tatlong linggo pagkatapos magpabakuna. Ang mga unang taong nabakunahan sa B.C. ay mga resident ng care homes at health care workers. Ayon sa aming datos, sa loob ng dalawa hanggang tatlong linggo pagkatapos simulan ang pagbabakuna, bumaba ang bilang ng mga impeksyon sa COVID-19 at nabawasan ang bilang ng mga na-ospital at namatay na seniors na nabakunahan. Ang lahat ng vaccines na naaprubahan sa Canada ay naipakitang malaking nakabawassa risk ng malubhang sakit at kamatayan na may kinalaman sa COVID-19.

## Maari bang magkasakit ng COVID-19 ang isang tao mula sa vaccine? Agad ba akong mapropektahan nito laban sa COVID-19?

### Can a person get COVID-19 illness from the vaccine? Will it protect me from COVID-19 immediately?

Hindi ka maaring magkasakit ng COVID-19 mula sa vaccine. Gayunman, kung ikaw ay nalantad sa virus bago ka nabakunahan, maaring naka-incubate sa iyo ang virus at hindi mo nalalaman na mayroon ka palang COVID-19 hanggang pagkatapos mo mabakunahan. Inaabot nang mga dalawa hanggang tatlong linggo upang magkaroon ka ng proteksyon laban sa COVID-19 pagkatapos ng pagbabakuna. Ang ibig sabihin nito'y kung nakuha mo ang virus bago ka nabakunahan, o sa loob ng dalawang linggong panahon pagkatapos ng pagbabakuna, maari ka pa rin magkasakit ng COVID-19.

## Kung ako'y isang senior na laging nasa tahanan, dapat pa ba ako magpabakuna?

### If I'm a home-bound senior, should I still get vaccinated?

Malakas na inirerekomenda na magpabakuna ang lahat ng seniors kahit na sila'y laging nasa tahanan. Ang benefits ng pagpapabakuna ay mas higit sa mga panganib na may kinalaman sa maipeksyon ng COVID-19. Naipakita na ang seniors ay ang mga taong pinaka-malamang na magkakaroon ng malubhang sakit at maaring mamatay dahil sa impeksyon. Kung hindi kayo makapunta sa isang vaccination clinic, ang VCH home immunization team ay maaring magpunta sa inyong tahanan.

## Sino ang hindi dapat magpabakuna?

### Who should not get the vaccine?

Ang karamihan ng mga tao ay maaring ligtas na magpabakuna. Ang mga taong nagkaroon ng malubhang allergic na reaksiyon sa mga komponente ng mga bakunang ito ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor bago sila mag-book ng appointment para magpabakuna.



# COVID-19 Vaccine Information

## Paano ba mag-book ng appointment para sa bakuna?

### How do I book an appointment for vaccination?

Upang malaman kung sino ang eligible na magpabakuna, at para sa impormasyon kung paano magpabakuna, mangyaring bisitahin ang VCH webpage [www.vch.ca/covid-19/covid-19-vaccine](http://www.vch.ca/covid-19/covid-19-vaccine). Mayroon din itong impormasyon tungkol sa kung paano mag-book ng iyong appointment para sa vaccine sa isang clinic na malapit sa iyong tahanan.

Kung mayroon kang mga katanungan o alalahanin tungkol sa vaccine at sa kaligtasan nito, mangyaring bisitahin ang mga sumusunod na website: [BC Centre for Disease Control](#), [Government of BC](#) at [Government of Canada](#). Maari mo rin kausapin ang iyong health care provider kung mayroon kang iba pang mga katanungan tungkol sa vaccine.

